a new hope

# Pentecostes

WEEK 3

## WARM-UP

- Ano ang isang pagkakataon kung saan nilakasan mo ang iyong loob upang subukang gawin ang isang bagay na hindi mo pa nagagawa? Magkuwento tungkol dito.
- Mayroon bang pagkakataon na kinailangan mong maghintay sa isang bagay na hindi mo tiyak kung kailan darating? Naging matiyaga ka ba o hindi matiyaga sa paghihintay?
- Naranasan mo na bang magbigay ng hindi magandang balita sa isang tao o magsabi ng isang bagay na hindi niya gustong marinig? Paano mo pinalakas ang iyong loob para gawin ito?

## WORD

1 *Pagdating ng araw ng pista na tinatawag na Pentecostes, nagtipon ang lahat ng mananampalataya sa isang bahay.*
2 *Habang nagtitipon sila, bigla na lang silang nakarinig ng ugong na mula sa langit, na katulad ng malakas na hangin. At puro ugong na lang ang kanilang narinig sa bahay na kanilang pinagtitipunan.*
3 *Pagkatapos, may nakita silang mga ningas ng apoy na parang mga dila na kumalat at dumapo sa bawat isa sa kanila.*
4 *Napuspos silang lahat ng Banal na Espiritu, at nakapagsalita ng iba't ibang wika na hindi nila natutunan. Ang Banal na Espiritu ang siyang nagbigay sa kanila ng kakayahang makapagsalita nang ganoon.* **MGA GAWA 2:1–4**

Ang kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus ay naganap noong malapit na ang Pista ng Paglampas ng Anghel, isa sa mga pagdiriwang ng mga Hudyo. Ang Pentecostes ang pinakahuling bahagi ng Pista ng Paglampas ng Anghel. Noong araw ng Pentecostes, mga limampung araw matapos ang pag-akyat ni Jesus sa langit, ang Banal na Espiritu ay dumating at pinuspos ang mga disipulo. Alam nila na sinabi ni Jesus na hintayin nila ang Banal na Espiritu na ipinangako sa kanila ng Ama (Mga Gawa 1:4). Ang ipinangakong Banal na Espiritu ay para sa lahat nang sumusunod sa Diyos, maging sa kasalukuyan. Bakit ipinadala ng Diyos ang Banal na Espiritu?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagkakaloob sa iyo ng Banal na Espiritu. Ipanalangin na maging matalas ang iyong espirituwal na pandinig upang maging malinaw ang mga sinasabi sa iyo ng Banal na Espiritu sa lahat ng sitwasyon.
- Pasalamatan ang Diyos sa pagbibigay sa iyo ng kakayahan na maglingkod at mamuhay sa paraang nakalulugod sa Kanya. Ipanalangin na lalo pang lumago ang bunga ng Espiritu at ang mga espirituwal na kaloob Niya sa buhay mo.
- Ipanalangin ang iyong mga kaibigan at kapamilya na kailangan ding makakilala sa Diyos. Ipanalangin na sila rin ay maniwala sa Kanya at maging mga tagasunod Niya.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

## 1 Ang ipinangakong Banal na Espiritu ay para sa lahat nang naniniwala.

*“Sapagkat ang Banal na Espiritung ito ay ipinangako para sa inyo, at sa inyong mga anak, at sa lahat ng taong nasa malayo—sa lahat ng tatawagin ng Panginoon nating Diyos na magsisilapit sa kanya.”* **MGA GAWA 2:39**

Bagama’t si Jesus ay umakyat sa langit, iniwan Niya ang pag-asang ito: na ang Banal na Espiritu, na siyang Espiritu ng Diyos, ay darating sa Kanyang mga disipulo. Ipinangako ng Ama na ipapadala Niya ang Banal na Espiritu sa mga tinawag Niya upang mapalapit sa Kanya. Sila ang mga taong nanampalataya sa Kanya bilang kanilang Panginoon at Tagapagligtas. Ang mga naniwala ay itinuring na matuwid ng Diyos, at sila ay makatatanggap ng ipinangakong Banal na Espiritu. Kung tayo ay maniniwala sa Kanya, tayo ay ituturing na matuwid ng Diyos, at matatanggap din natin ang pagpupuspos ng Banal na Espiritu. Paano mo naranasan ang pagpupuspos ng Banal na Espiritu?

## 2 Ang pagpapadala ng Espiritu ay naglalayong makapagbigay ng kakayahan sa mga mamamayan ng Diyos.

*[6]Minsan nang nagtitipon sila, tinanong nila si Jesus, “Panginoon, ito na po ba ang panahon na ibabalik ninyo ang kaharian ng Israel?” [7]Sumagot si Jesus, “Hindi pinahihintulutan ng Ama na malaman ninyo kung kailan mangyayari ang mga bagay na itinakda niya. [8]Ngunit pagdating ng Banal na Espiritu sa inyo, bibigyan niya kayo ng kapangyarihan. At ipapahayag ninyo ang mga bagay tungkol sa akin, mula rito sa Jerusalem hanggang sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa buong mundo.”*
**MGA GAWA 1:6–8**

(Basahin din ang **MGA TAGA-GALACIA 5:22,23.**)

Ano ang kapangyarihang natatanggap natin kung ang Banal na Espiritu ay sumasaatin? Ang Banal na Espiritu ay nagbibigay sa mamamayan ng Diyos ng kakayahan upang magministeryo at mamuhay nang matuwid. Ang Bibliya ay nagbibigay sa atin ng kaalaman tungkol sa mga espirituwal na kaloob na ibinibigay ng Diyos sa Kanyang mamamayan *upang makatulong siya sa kapwa niya mananampalataya*—ito ay para sa pagmiministeryo, upang maipahayag natin ang mga bagay tungkol sa Kanya sa buong mundo. Nakikita din sa atin ang bunga ng Espiritu habang patuloy tayong namumuhay sa Espiritu at patuloy na lumalalim sa ating ugnayan kay Cristo. Ito ang matuwid na pamumuhay. Bilang mga mamamayan ng Diyos, natatanggap din natin ang Banal na Espiritu at nabibigyan tayo ng kakayahan na makapagministeryo at mamuhay nang matuwid. Ano ang ilan sa mga paraan kung paano ka binigyan ng Espiritu ng kakayahan na makapagministeryo sa iba at mamuhay nang makadiyos? (1 Corinto 12:7–11; Mga Taga-Galacia 5:22,23)

## APPLICATION

- Naranasan mo na ba ang mapuspos ng Banal na Espiritu? Nais mo bang matanggap ang ipinangakong Banal na Espiritu? Hilingin mo sa isang kakilala na manalangin kasama mo, o kaya ay lumapit ka sa Diyos at hilingin mula sa Kanya ang pangakong ito.
- Sa siyam na katangian na bumubuo sa bunga ng Espiritu sa Mga Taga-Galacia 5:22,23, alin ang mga kailangang palakasin sa buhay mo? Magtala ng dalawa at ipanalangin na mas makita sa buhay mo ang mga ito.
- Tayo ay binigyan ng Diyos ng kakayahan na maglingkod sa pamamagitan ng Kanyang Banal na Espiritu. Isipin kung sino ang dalawang tao, kaibigan man o kamag-anak, na maaari mong ipanalangin o kaya ay kumustahin.